

# MGA PAYO SA KALIGTASAN SA PAARALAN

Panatilihin ang lugar sa paligid ng iyong paaralan para maglakad, magbisikleta at gumulong sa pamamagitan ng pagsunod sa mga naka-post na karatula. Kung nagmamaneho ka, isaalang-alang ang pagparada ng ilang bloke ang layo at maglakad papunta sa paaralan. Ito ay isang aktibong paraan upang simulan at tapusin ang araw.



## Tawiran sa Paaralan

Ang mga *driver* ay dapat magbigay-daan sa mga naglalakad at manatiling nakahinto sa bawat may marka at walang markang interseksyon hanggang sa makarating sila sa kabilang gilid ng bangketa.



## Sona ng Paaralan

Ang karatulang ito ay nagpapaalala sa mga *driver* na sila ay pumapasok sa isang sona ng paaralan at dapat silang maging alerto.



## Mga Speed Hump

Ang mga *speed hump* ay inilalagay upang mabawasan ang bilis ng trapiko at payapain ang kalye. Bagalan sa paligid ng paaralan.




## Limitasyon ng Tulin sa Sona ng Paaralan

Kailangang bagalan ng mga *driver* sa 30 o 40 km/oras sa pagitan ng 8 AM hanggang 5 PM o sa lahat ng oras gaya ng naka-post.



## Bawal Huminto (Mga araw ng paaralan)

Walang sasakyan ang pinapayagan dito sa pagitan ng 8 AM - 5 PM. Pinapanatili nitong malinaw ang mga *sightline* at nagbibigay ng mga sasakyang pang-emerhensiya sa isang lugar para iparada.




## Sona ng Bus

Ang mga bus lamang ang maaaring pumarada dito maliban sa mga sasakyang pang-emerhensiya.



## Bawal Pumarada (Mga araw ng paaralan)

Maaaring huminto ang mga *driver* ng hindi hihigit sa limang minuto upang maghatid at magsundo. Ang isang *legal* na lugar ng paradahan ay dapat mahanap upang maghintay ng mas matagal o upang makapasok sa paaralan.



## 3 Min Pagparada (Mga araw ng paaralan)

Ang mga puwesto na ito ay para sa mabilisang pagsundo at paghatid. Pumarada at umabante kapag posible upang lumikha ng espasyo para sa iba pang mga sasakyan.

## Mga Pangkaligtasang Patrol

- Ang mga *patrol* ay nagdidirekta at tinutulungan ang mga mag-aaral sa mga krusan na malapit sa paaralan.
- Mangyaring igtalang ang lahat ng mga pangkaligtasang *patrol* sa paligid ng mga paaralan sa Vancouver.
- Natututo pa rin ang mga bata sa mga patakaran ng kalsada at maaaring hindi gawin ang itinuro o inaasahan.
- Maging handa mag-react.



Maging maingat sa kung paano ka magbibiyaha sa mga kalye ng aming lungsod, bangketa, daanan at mga pasilidad ng bisikleta.



SchoolActiveTravel@Vancouver.ca



vancouver.ca/School-Travel-Planning



VSBC Vancouver School Board

